8

# Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan

Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto

(Learning Activity Sheets – LAS)

Linggo 8

## Kompetensi

***(Naipapahayag ang pagpapahalaga sa pag-usbong ng Nasyonalismo sa Europa at iba't ibang bahagi ng daigdig)***

Manunulat:
Florida Jade A. Estrella, SST-I

Plaridel National High School
SDO – Dinagat Islands

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

# Panimula

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-8 baitang upang ***maipapahayag ang pagpapahalaga sa pag-usbong ng Nasyonalismo sa Europa at iba't ibang bahagi ng daigdig.*** Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang ***maipapahayag ang pagpapahalaga sa pag-usbong ng Nasyonalismo sa iba't ibang bahagi ng daigdig.***

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**ARALIN 3: Pagkamulat: Kaugnayan ng Rebolusyong Pangkaisipan sa Rebolusyong Pranses at Amerikano**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, inaasahang matutuhan mo ang mga sumusunod:

1. Malaman at maintindihan ang mga pangyayari sa pag-usbong ng nasyonalismo
2. Maipapahayag ang pagpapahalaga sa pag-usbong ng Nasyonalismo sa Europa at iba't ibang bahagi ng daigdig

# Paunang Pagtataya

**PANUTO:** Isulat ang TAMA kung ang pangyayari ay nagpapahayag ng katotohanan, MALI naman kung hindi.

__________1. Ang Estados Unidos ang pinakamalaking bansa sa daigdig
__________2. Bago nagkaroon ng himagsikan, ang Russia ang pinakamalaking burukrasya sa mundo.
__________3. Lahat ng mga bansang nakamtan ang kalayaan ay sa pamamagitan ng mapayapang paraan.
__________4. Isa sa mga himagsikang nakagimbal sa daigdig ang rebolusyon ng mga Ruso na naganap noong unang bahagi ng ika-20 siglo.
__________5. Nakatulong ang heograpiya ng Latin America sa pagpapaliwanag kung bakit ito umunlad bilang hiwa-hiwalay na bansa.
__________6. Wala ni isang salik ang naging sagabal sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Latin America at iba pang bahagi ng daigdig.
__________7. Imperyalismo ang tawag sa paniniwalang makabayan na nag-uugat sa pagmamahal sa isang bansa o estadong kinabibbilangan.
__________8. Ang populasyon ng Brazil ay lahing Aprikano, Indian at mga nanggaling sa Portugal, France, Spain, Germany at Italy.
__________9. Ang mga kayumangging Bushman ng Kalahari at ang mga Pygmy ang sinasabing unang tao sa Africa.
__________10. Si Nivadavia, isang pinuno sa Argentina ang nagtaguyod ng edukasyon, nagsikap na matamo ang karapatang bumoto para sa lahat.



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

## *Pag-aralan*

### PAGSIBOL NG NASYONALISMO SA IBA'T IBANG BAHAGI NG DAIGDIG

**Pagpapahalaga sa Nasyonalismo sa Iba't ibang Bahagi ng Daigdig**

***Nasyonalismo***- Damdamin at paniniwalang makabayan na nag-uugat sa pagmamahal sa isang bansa o estadong kinabibbilangan.

**Pag-unlad ng Nasyonalismo sa Soviet Union**

Ang Soviet Union o Russia ang pinakamalaking bansa sa daigdig. Isa itong malawak na lupain na sumasakop sa dalawang lupalop ng Asia at Europe. Halos doble ang laki nito sa Estados Unidos.
Noong 988, ipinalaganap ni Vladimir I sa Russia ang Kristiyanismong Griyego (Orthodox) kaya tinawag siyang Vladimir *the Saint*.

**Himagsikang Ruso**

Isa sa mga himagsikang nakagimbal sa daigdig ang rebolusyon ng mga Ruso na naganap noong unang bahagi ng ika-20 siglo.

Bago nagkaroon ng himagsikan, ang Russia ang pinakamalaking burukrasya sa mundo. Kontrolado ito ng mga maharlika at pulisya. Magsasakang nakatali sa lupa ang apat sa bawat limang Ruso, walang karapatan at laging nakabaon sa utang. Maging ang mga industriya ay nasa ilalim ng pamamahala ng *czar*.

Nakahikayat sa mga manggagawa ang pagtatayo ng mga pagawaan upang pumunta sa mga bayan at lungsod. Dito sila nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral. Dahil sa paghihigpit ng pulisya, lumikas ang mga intelektwal na Ruso patungo sa kanlurang Europe at doon nila nakatagpo ang mga disipulo ni Karl Marx at Friedrich Engels. Nagtatag ang mga ito ng dalawang partido.

**Nasyonalismo sa Latin America**

Ang bawat isa sa 20 bansa sa Latin America ay pinamayanihan ng makabansang damdamin. May ilang mga tao ang nagkakamaling tawaging bansa ang Latin America.
Hindi ito nakapagtataka. Maraming mga Latin Americans ang nagsasalita ng Espanyol at Katoliko Romano ang pananampalataya. Pagtapos makamit ng Estados Unidos ang kanilang kalayaan sa Great Britain, nag-alsa ang mga lalawigan sa Latin America laban sa Spain.

Nagkabuklod-buklod sila sa kanilang pagkamuhi sa awtokrasyang Espanyol, katiwalian sa pamahalaan, walang kalayaang magpahayag ng mga batas na naghihigpit sa pangangalakal.

Nakatulong ang heograpiya ng Latin America sa pagpapaliwanag kung bakit ito umunlad bilang hiwa-hiwalay na bansa. Inihihiwalay ang Chile sa hanay ng Bundok Andes at ng Disyerto ng Atacama. Nakalubog ang Paraguay sa malalim na gubat. Nahahati ng mga talampas at bulkan ang Bolivia mula kanluran. Nahihiwalay sa isa't-isa ang Colombia, Venezuela at Ecuador, ng mga bahagi ng Bundok Andes.

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Pagkakaiba ng Lahi Bilang Salik ng Nasyonalismo**

Halos lahing Europeo ang populasyon ng mga bansa sa Latin America tulad ng Argentina, Uruguay, Costa Rica at Chile. Ang populasyon ng iba- Ecuador, Peru, Bolivia at Paraguay ay halos American Indians. Sa Dominican Republic,itinuturing ang ibang lahi na mababang uri. Ang populasyon ng Brazil ay lahing Aprikano, Indian at mga nanggaling sa Portugal, France, Spain , Germany at Italy.

**Ang mga Creole**

Tinatawag na Creole ang mga ipinanganak sa Bagong Daigdig na may lahing Europeo. Minamaliit ang mga bansang Latin America na creole ang populasyon, tulad ng Argentina na may populasyong Indian at iba't-ibang lahi. Sa magkahalong populasyon, kasama ang mga *mestizo* (Espanyol at Indian), zambo (Indian at ibang lahi) at mulatto (puti at ibang lahi).

Ang pagkakaiba sa wika ang nagbigay ng kakaibang katangian sa mga bansang Latin America. Halos lahat ng Latin Amerikano ay nagsasalita ng Espanyol. Ngunit ang mga taga-Brazil ay nagsasalita ng Portuges. Ang mga taga-Haiti ay nagsasalita ng Pranses at maraming Indian ang nagsasalita ng kanilang katutubong wika.

**Mga Sagabal sa Nasyonalismo**

Maraming naging sagabal sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Latin America. Naging pansarili ito kaya maraming mahihirap at mangmang ang hindi nakikilahok sa mga makabayang pag-aalsa noong nagsimula ang ika-19 na siglo.

Pinaghati-hati ng mga haring Espanyol sa kanilang mga paborito ang malalaking lupain at nagsisilbi lamang sa mga estado ng mga maharlikang Espanyol. Marami ang nakabaon sa utang kaya sila'y nanatiling nakatali sa lupa at sa pagkakaalipin. Nakilalang ***peones*** ang mga taong ito. Ito ang uri ng piyudalismong umunlad sa Latin America at nakasagabal sa kanyang nasyonalismo.

**Si Bolivar- ang Tagapagpalaya**

Isang creole na nagngangalang Simon Bolivar ang nagnais na palayain ang Timog Amerika laban sa mga mananakop. Ang pagnanais na ito ay pagpapatuloy lamang sa mga nasimulan ni Francisco de Miranda, isang Venezuelan. Ang huli ay nag-alsa laban sa mga Espanyol noong 1811 ngunit hindi siya nagtagumpay na matamo ang kalayaan ng Venezuela mula sa Spain.

Noong 1816, namatay na may sama ng loob si Miranda sa isang bartolina ng mga Espanyol. Matapos nito'y pinamunuan ni Bolivar ang kilusan para sa kalayaan sa hilagang bahagi ng Timog Amerika. Nasira ang kanyang pangarap na magtayo ng isang nagkakaisang South America nang mahati ito sa tatlong republika- ang Venezuela, Colombia at Ecuador.

**Ang Demokrasya at Nasyonalismo sa Latin America**

Si Nivadavia, isang pinuno sa Argentina ang nagtaguyod ng edukasyon, nagsikap na matamo ang karapatang bumoto para sa lahat at gumawa ng paraan upang magkaroon ng makatarungang sistemang legal. Nawalan ng saysay ang mga ito dahil sa pananakot, pagpapahirap, katiwalian at mga pagpatay na isinagawa ni Juan Manuel de Rosas, ang sumunod na namahala sa Argentina hanggang 1852.



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Pag-unlad ng Nasyonalismo sa Africa**


Ang Sahara ang naghihiwalay sa Black at Caucasoid Africa. Ang mga kayumangging Bushman ng Kalahari at ang mga Pygmy ang sinasabing unang tao sa Africa. Naitaboy sila ng mga higit na maunlad na mga lahing Itim sa kanluran at mga Bantu sa silangan. Hindi naglaon, nakipamuhay sila sa mga Bushman at Pygmy.

Lumaganap ang nasyonalismo pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Maraming bansa ang naging malaya nang walang karahasan. May mga bansang dumanak ng dugo bago nakamtan ang kalayaan tulad ng Congo (Zaire) at Algeria. Ang Rhodesia at Nyasaland ang naging Zimbabwe at Malawi. Lumaya ang Angola, Mozambique at Guinea Bissau noong 1975.

**Kaugnayan ng Rebolusyong Intelektuwal sa Paglinang ng Nasyonalismo**

Ang nasyonalismo, bagaman masalimuot na damdamin, ay nag-uugat sa pagkamulat sa mga kaisipang pinalalaganap ng pilosopo at namulat sa katotohanan na ang bawat tao ay isinilang na may karapatang mabuhay, lumaya at maging maligaya. Ang pagkakaroon ng kamalayang sila pala ay na-sisikil ang nagbubunga ng pagnanais na wakasan ang pang-aapi ng mga mananakop.

May mga bansang nakamtan ang kalayaan sa pamamagitan ng mapayapang paraan subalit maraming nagbuwis ng buhay upang lumaya tulad ng mga Pilipino, Amerikano, Hindu at iba pa.



## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

***Gawain 1. Maalaala Mo Kaya?***

**PANUTO:** Tukuyin ang impormasyong hinihingi sa bawat bilang. Ang initial letter ay ibinigay bilang gabay.

**S**_______**B**______ 1. Siya ang tinaguriang 'Tagapagpalaya ng Timog Amerika'.

**S**________________2. Ang naghihiwalay sa Black at Caucasoid Africa.

**C**________________3. Tawag sa mga ipinanganak sa Bagong Daigdig na may lahing Europeo.

**L**________________4. Haring iniluklok sa Pransya matapos magapi ang puwersa ni Napoleon Bonaparte.

**N**_______________ 5. Tumutukoy sa digmaang ipinangalan sa isang heneral na Pranses naglalayong magpakilala ng kaisipang rebolusyunaryo sa kabuuan ng Europa.

**T**______**J**_______ 6. Siya ang manananggol na nagsulat ng Deklarasyon ng Kalayaan ng Amerika

**P**_______________ 7. Marami ang nakabaon sa utang kaya sila'y nanatiling nakatali sa lupa at sa pagkakaalipin.

**J**_____**S**________ 8. Humalili kay Vladimir Lenin bilang pinuno ng USSR sa kaniyang kamatayan.

**M**_______________ 9. Uri ng pamahalaang pinamumunuan ng hari, reyna, at mga kauri nito.


**N**_______________10. Masidhing damdamin na nagtutulak sa isang taong ipaglaban ang kalayaan, karangalan at karapatan.



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

### *Gawain 2: Ihambing Mo!*

**PANUTO:** Gamit ang Venn Diagram, ipaliwanag ang sumusunod na tanong:
Paano nagkakatulad at nagkakaiba ang dalawang kaisipan na ito?




### *Gawain 3: Pagnilayan at Ipahayag Mo!*

**PANUTO:** Isulat sa kaliwang bahagi ng kahon ang iyong sagot. (5 puntos bawat bilang)

- ❖ Ayon sa aralin, Paano sumibol at umunlad ang nasyonalismo sa mga bansang ito?

1. Latin America ⇨ ______________________________

2. Africa ⇨ ______________________________

3. Soviet Union ⇨ ______________________________



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

*Gawain 4:* **Pangako Sa'yo (Reflection Journal)**

**PANUTO: Gumawa ng isang reflection journal, gawing gabay ang mga tanong sa kahon.**

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay hinahamong magbigay ng panata na isasabuhay ang pagiging mapagmahal sa bayan o isasabuhay ang prinsipyo ng nasyonalismo.

- Paano mo maipakikita ang pagmamahal sa bayan sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay bukod sa pagbili ng mga produktong Pilipino?
- Paano mo mahihikayat ang iba na isabuhay ang prinsipyo ng nasyonalismo?



## *Paglalahat / Repleksyon*

***Gawain: Pagnilayan Mo!***

**Panuto:** Punan ang talata ng mga impormasyon, gamit ang iyong natutunan sa aralin.

3 — 3 bagay na natuklasan ko

Natuklasan ko…
1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________

2 — 2 interesadong bagay na natutu-nan ko

Natutunan ko ang…
1. ______________________________
2. ______________________________

1 — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…
1. ______________________________



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto:** Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang pinakamalaking bansa sa daigdig?
   A. Soviet Union   B. Amerika   C. China   D. France
2. Sa anong bansa nag-alsa ang mga taga Latin Amerika, matapos nilang makamit ang kalayaan mula sa Great Britain?
   A. Russia   B. Spain   C. Mexico   D. Germany
3. Ano ang tawag o ibinansag sa mga ipinanganak sa Bagong daigdig na may lahing Europeo?
   A. Borguiese   B. Merchants   C. Creole   D. Monarch
4. Anong paniniwala ang pinalaganap ni Vladimir the Saint sa Russia?
   A. Katolisismo   C. Kristiyanismong Orthodox
   B. Paganismo   D. Kristiyanismo
5. Sinong creole ang nangnais na palayain ang South America laban sa mga mananakop?
   A. Napoelon Bonaparte   C. Jose de San Martin
   B. Simon Bolivar   D. Francisco de Miranda
6. Sinng pinuno ng Argentina ang naghatid ng pagpapahirap, katiwalian at pagpatay na siyang dahilan ng pagkawalang saysay ng demokrasya sa bansa?
   A. Juan Manuel de Rosas   C. Josef Stalin
   B. Antonio Jose de Sucre   D. Leon Trotsky
7. Alin dito ang maaaring magiging hindi mabuting epekto ng nasyonalismo?
   A. Matapat at mapagmahal sa bansa
   B. Handang isakripisyo ang buhay para sa bansa.
   C. Makabayan at pagsunod sa batas ng bansa.
   D. Pananakop sa ibang bansa upang may ipagmamalaki.
8. Paano sumibol ang nasyonalismo sa Latin America?
   A. Nagkakabuklod-buklod ang mamamayan sa pagkamuhi nila sa awtokrasyang Espanyol laban sa katiwaliang gawain.
   B. Naimpluwensiyahan ang pagsasalita ng wikang Espanyol.
   C. Nagawang palaganapin ang pananampalatayang kristiyanismo.
   D. Lahat nang nabanggit.
9. Alin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari?
   *I. Nasyonalismo sa Latin America*
   *II. Nasyonalismo sa Soviet Union*
   *III. Himagsikang Ruso*
   A. I – II – III   C. III – I – II
   B. II – III – I   D. I – III - II
10. Alin ang mga pahayag na nagpapakita ng nasyonalismo sa kasalukuyang panahon?
    1. Mamuhunan sa ibang bansa upang malaki ang kita.
    2. Sumunod sa batas na ipinatutupad ng sariling barangay.
    3. Magtapos ng pag-aaral sa ibang bansa at paggamit ng natutuhan sa sariling bansa.
    4. Gumamit ng wikang Ingles upang maipakilala ang kalinangan at kulturang Pilipino.
    A. 1,2,3,4   B. 1,2,3   C. 2,3,4   D. 3,4



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

# *Susi sa Pagwawasto*

Paunang Pagtataya

1. Mali
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Tama
6. Mali
7. Mali
8. Tama
9. Tama
10. Tama

Gawain 1. Maalaala Mo Kaya?

1. Simon Bolivar
2. Sahara
3. Creole
4. Louis XVIII
5. Napoleonic Wars
6. Thomas Jefferson
7. Peones
8. Josef Stalin
9. Monarchy
10. Nasyonalismo

Gawain 2: Ihambing Mo

Gawain 3: Pagnilayan at Ipahayag Mo

Gawain 4: Reflection Journal

*Ang mga sagot ng mga mag-aaral ay maaaring magka-kaiba.*

Panapos na Pagtataya

1. A
2. B
3. C
4. C
5. B
6. A
7. D
8. D
9. B
10. C

# *Sanggunian*

Blando, Rosemarie C., et. al, 2014. *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral.* Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE